


Pangalan:________________________________________________


**Panuto:** Ayusin ang pagkasunod-sunod ng tamang paraan ng paghuhugas ng mga kamay. Isulat ang bilang 1-5.



☐ Basain ng tubig ang mga kamay.



☐ Kuskusin ng sabon ang mga kamay.



☐ Lagyan ng sabon ang mga kamay.



☐ Punasan at patuyuin ang mga kamay gamit ang malinis na pamunas.



☐ Hugasan at banlawang mabuti ang mga kamay.

**Panuto:** Piliin sa kahon ang titik ng tamang sagot.

_________1. Kailan natin dapat hugasan ang ating mga kamay?

a. Kapag ito ay malinis pa.
b. Pagkatapos gumamit ng palikuran.
c. Pagkagising sa umaga.

_________2. Ano ang una mong dapat gawin kapag ikaw ay maghuhugas ng mgakamay?

a. Banlawan ang mga kamay ng malinis na tubig.

b. Basain ng malinis na tubig angmga kamay.

c. Gumamit ng sabon at kuskusin ang mga kamay.

LIVEWORKSHEETS

_________3. Ano ang dapat nating gamitin upang patuyuin ang mga kamay pagkataposıtong banlawan?

a. kasuotang damit

b. maduming panyo

c. malinisna tuwalya

_________4. Sino sa mga sumusunod ang dapat maghugas ng mga kamay?

a. 

b. 

c. 

_________5. Bakit mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay?

a. Upang hindi tayo makapitan ng sakit.
b. Upang hindi tayo pagalitan ninanay.

c. Upang magkaroon ng maraming kaibigan.

**Panuto: Piliin ang tsek ( ✓ ) kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong gawain at ekis (X ) kung hindi.**

_____1. Naghugas ng mga kamay si Marie pagkagaling sa palikuran.

_____2. Pagkatapos maglaro sa labas ay pumasok sa kusina si Karlo at agad kinuhaang mansanas sa mesa at kinain.

_____3. Hinugasan ni Sara ang kamay ng kanyang nakababatang kapatid pagkatapos laruin ang kanilang pusa.

_____4. Ipinunas ni Alden sa kanyang damit ang kanyang kamay pagkatapos umubo.

_____5. Ang paghuhugas ng mga kamay ni Ben bago kumain ay maglalayo sa kanya sa iba't ibang sakit o karamdaman.

LIVEWORKSHEETS